



# PINAGHAHANAP NG FBI

## APOLLO CARREON QUIBOLOY

Pagsasabwatan upang Makisali sa Pangangalakal ng Seks sa pamamagitan ng Puwersa, Pandaraya at Pamimilit, at Pangangalakal ng Seks ng Mga Bata; Pangangalakal ng Seks sa Pamamagitan ng Puwersa, Pandaraya, at Pamimilit; Pagsasabwatan; Pagpupuslit ng Maramihang Pera



### PAGLALARAWAN

<b>Mga Aliyas:</b> "Ang Hinirang na Anak ng Diyos", "Sir", "Pastor", "ACQ"	
<b>Ginamit na (mga) Petsa ng Kapanganakan:</b> Abril 25, 1947, Abril 25, 1950	<b>Lugar ng Kapanganakan:</b> Pilipinas
<b>Buhok:</b> Itim	<b>Mata:</b> Kayumanggi
<b>Taas:</b> 5'6"	<b>Timbang:</b> 165 na mga libra
<b>Kasarian:</b> Lalaki	<b>Lahi:</b> Asyano
<b>Nasyonalidad:</b> Pilipino	<b>NCIC:</b> W025227807

### MGA PUNA

Si Quiboloy ay may kaugnayan sa Calabasas, California, Las Vegas, Nevada, at Kapolei, Hawaii.

### BABALA

Si Apollo Carreon Quiboloy, ang nagtatag ng isang simbhang nakahimpil sa Pilipinas, ay pinaghaanap dahil sa kanyang diumanong pakikilahok sa isang pakana sa pangangalakal ng paggawa na nagdala ng mga miyembro ng simbahan sa Estados Unidos, sa pamamagitan ng mapanlinlang na pagkuha ng mga bisa, at pinuwersa ang mga miyembro na mamalimos ng mga donasyon para sa isang huwad na kawanggawa, mga donasyon na aktwal na ginagamit upang tustusan ang mga operasyon ng simbahan at ang mga marangyang pamumuhay ng mga pinuno nito. Ang mga miyembro na umanong napatunayang matagumpay sa panlilimos para sa simbahan ay pinuwersang pumasok sa huwad na mga kasal o makakuha ng mapanlinlang na pang-estudyanteng mga bisa upang magpatuloy sa panlilimos sa Estados Unidos sa buong-taon.

Higit pa rito, sinasabing ang mga babae ay kinukuhang magtrabaho bilang mga personal na katulong, o mga "pastoral," para kay Quiboloy at naghahanda ang mga biktimang iyon ng kanyang mga pagkain, nililinis ang kanyang mga tirahan, nagbibigay sa kanya ang mga masahe at kinakailangang makipagtalik kay Quiboloy na tinatawag ng mga pastoral na "tungkulin sa gabi."

Si Quiboloy ay kinasuhan ng pinakamataas na huradong pederal sa Hukuman ng Distrito ng Estados Unidos para sa Sentral ng Distrito ng California, Santa Ana, California, para sa pagsasabwatan upang makisali sa pangangalakal ng seks sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya at pamimilit, at pangangalakal ng seks ng mga bata; pangangalakal ng seks sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya at pamimilit; pagsasabwatan; at pagpupuslit ng maramihang pera, at noong Nobyembre 10, 2021, isang pederal na utos ang inilabas para sa kanyang pag-aresto.

**Kung mayroon kang anumang impormasyon tungkol sa taong ito, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado ng Amerika.**

**Patlang na Tanggapan:** Los Angeles